May pinababa sa akin na mga tanda na hindi nakita ang tulad ng mga ito kailanman, ang dalawang tagapagpakupkop."}

Ayon kay `Uqbah bin `Àmir (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Nagsabi sa akin ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "May pinababa sa akin na mga tanda na hindi nakita ang tulad ng mga ito kailanman, ang dalawang tagapagpakupkop."}

[Tumpak] [Nagsalaysay nito si Imām Muslim]

Nagpabatid si `Uqbah bin `Àmir (malugod si Allāh sa kanya) na ang Propeta (basbasan ito ni Allāh at pangalagaan) ay nagsabi sa kanya: "Nagpababa si Allāh sa akin kagabi ng mga tanda na hindi nakita ang tulad ng mga ito kailanman." Tinutukoy niya ang paghiling ng pagkupkop, ang dalawang tagapagpakupkop: ang kabanatang: {Sabihin mo: "Nagpapakupkop ako sa Panginoon ng bukang-liwayway ...} at ang kabanatang: {Sabihin mo: "Nagpapakupkop ako sa Panginoon ng mga tao, ...}

http://sunnah.global/hadeeth/tl/show/65448